



# MISYON SA SAMBAYANAN


P. Angel Marcelo Pastor

Sinumang mawalan ng mahal-sagang bagay, kapag matagpuan ang naturang bagay, ibayong kasiyahan ang mararamdaman. At kung ang mawala ay ang higit na mahal-aga tulad ng pagka-kaibigan o mabuting samahan, tiyak na lalong nag-uumpaw ang kaligayahan kapag napanumbalik ito sa dati.

Isa sa mga naratibo ukol sa pagpapakita ng muling nabuhay na Hesus sa kanyang mga alagad ang tagpo sa Ebanghelyo. Bagama't hindi kaagad makapani-wala sa simula ang mga alagad dahil sa takot at pag-aalinlangan, nakilala rin nila si Hesus sa huli at ang laki ng tuwa nila sa pagkakita kay Hesus. Subalit si Hesus nga ba ang nawala? Sa totoo lamang, ang mga alagad talaga ang nawala. Iniwan nila si Hesus nang hulihin siya at parusahan.

Sa pagkawala ng mga alagad, si Kristong muling nabuhay ay lumalapit at nakikipagtagpo sa kanila. Alam ni Hesus nang talikuran siya ng mga alagad, malaki ang nawala sa kanila. Nais ni Hesus ibalik sa kanila ang kapayapaan ngayong puno sila ng takot at kaguluhan sa buhay. Nais ni Hesus na magkaroon muli sila ng katiyakan sa buhay ngayong puno sila ng pag-aalinlangan. Nais ni Hesus ibalik ang kanilang pagka-kaibigan at mabuting pagsasamahan. Nais ni Hesus na mapuno ang mga alagad ng pag-asa at ligaya upang maipahayag ang Mabuting Balita ng kaligtasan.

Kaya sa pagpapakita ni Hesus na muling nabuhay sa mga



alagad, ang bati niya, “Sumainyo ang kapayapaan.” Dahil naroon pa rin ang takot at pag-aalinlangan ng mga alagad sa pag-aakala nila na siya ay multo, ipinakita niya na may tunay siyang katawan, may laman at buto. Nang hindi pa rin sila makapaniwala, humingi siya ng pagkain at kumain siya sa harapan nila.

Mahalagang sa muling pagkabuhay ni Hesus, taglay pa rin niya ang katawang mayroon siya simula pa nang ipaglihi siya ng kanyang ina, ang Birheng Maria. Ito ang katawang ginamit ni Hesus sa pagtupad ng misyon na atas ng kanyang Ama: ang pakikipag-isa ng Diyos sa tao at pagliligtas niya sa tao sa kasalanan. Ito ang katawan na ginamit ni Hesus sa pangangaral, pagpapatawad ng mga kasalanan, pagpapagalang ng mga may-sakit,

pag-aalay ng buhay sa krus, atbp. Ito rin ang katawang muling nabuhay na ngayon o *glorified body*, hindi na limitado ng panahon at lugar.

Sa kanyang muling pagkabuhay, ginagamit niya ang katawang ito sa kanyang hangarin na ibalik ang sigla at katatagan ng mga alagad bago niya isugo sila upang ipagpatuloy ang kanyang misyon. At nagbunga ang kanyang pakay na muling makipag-ugnayan sa kanyang mga tagasunod. Mas lalo pang lumakas ang kanilang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig: handa na silang mag-misyon saanman at mag-alay ng buhay para sa Mabuting Balita.

Kung pakiramdam natin sa ating buhay, nawawala tayo't nawawalan ng pananampalataya't pag-asa, alalahanin nating nakikipagtagpo sa atin si Hesus sa pamamagitan ng Simbahan, ng mga sakramento, at ng Salita ng Diyos.

Ngayong panahon ng mga kalamidad at krisis, mas marami ang higit na nangangailangan at may mabibigat na pasanin sa buhay. Nawa, sa pamamagitan ng pagiging *present and available* natin sa kanila, maipanumbalik nawa nila ang kanilang sigla at pag-asa sa kanilang mga sarili.

Tunay, masasabi natin na sa ating pakikipag-ugnay sa Diyos at sa kapwa, at sa ating paglilingkod o pagmimisyon sa sambayanan, *presence and availability* ang pamamaraan ni Kristo. Maging *present and available* nawa tayo sa ating kapwa.

## PASIMULA

**Antipona sa Pagpasok** (Slm 66:1-2)  
(*Basahin kung walang pambungad na awit.*)

Sa D'yos tayo ay magalak, lahat magpuri nang wagas. Sa ngalan n'ya'y ipahayag pagpupuring walang kupas, Aleluyang walang wakas.

### Pagbati

(*Gawin dito ang tanda ng krus.*)

**P** — Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.

**B** — At sumaiyo rin.

### Paunang Salita

(*Maaring basahin ito o isang katulad na pahayag.*)

**P** — Habang nasa kanilang daan patungong Emaus ang dalawang alagad, sila'y nag-uusap tungkol sa mga pangyayari ng may kinalaman sa Pagpapakasakit, Pagkamatay at Muling Pagkabuhay ni Hesus. Batid nila ang kwento ng Muling Pagkabuhay ngunit nagdududa sila. Ipanalangin natin sa Misang ito ang mga taong walang katiyakan sa kanilang buhay pananampalataya. Madama at maranasan nawa nila si Kristo na Muling Nabuhay, sa tulong ng Simbahan, sa pagbabasa ng Bibliya at pakikisalo sa Eukaristiya.

### Pagsisisi

**P** — Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. (*Tumahimik*)

**B** — Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos, at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala (*dadagok sa dibdib*) sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

**P** — Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B** — Amen.

**P** — Panginoon, kaawaan mo kami.

**B** — Panginoon, kaawaan mo kami.

**P** — Kristo, kaawaan mo kami.

**B** — Kristo, kaawaan mo kami.

**P** — Panginoon, kaawaan mo kami.

**B** — Panginoon, kaawaan mo kami.

## Gloria

**Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahalilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.**

### Pambungad na Panalangin

**P** - Manalangin tayo. (*Tumahimik*)

Ama naming makapangyarihan, lagi nawang magalak ang iyong sambayanan sa pagkakaroon ng bagong kalooban upang sa kadakilaang dulot ng pag-anib sa iyong angkan ang araw ng pagkabuhay ay maging pag-asa sa pagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B** - Amen.

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



### Unang Pagbasa

(Gawa 3:13-15, 17-19) (*Umupo*)

*Nagsalita si Pedro sa ngalan ng mga apostol sa taumbayan. Sinabi niya na ang gawain at kamatayan ni Hesus ay naaayon sa balak na pagliligtas ng Diyos. Dahil tinupad ni Hesus ang utos ng Ama, siya ay muling binuhay at ginawang bukal ng ating kaligtasan.*

### Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

NOONG mga araw na iyon: sinabi ni Pedro sa mga tao, "Ang Diyos nina Abraham, Isaac, at Jacob, ang Diyos ng ating mga ninuno, ang nagbigay ng

pinakamataas na karangalan sa kanyang Lingkod na si Hesus. Ngunit siya'y ibinigay ninyo sa maykapangyarihan at itinakwil sa harapan ni Pilato, gayong ipinasiya na nitong palayain siya. Itinakwil ninyo ang Banal at Matuwid, at isang mamamatay-tao ang hiniling ninyong palayain. Pinatay ninyo ang Pinagmumulan ng buhay, ngunit siya'y muling binuhay ng Diyos, at saksi kami sa bagay na ito.

"At ngayon, mga kapatid, batid kong hindi ninyo nalalaman ang inyong ginawa, gayon din ang inyong mga pinuno. Ngunit sa ginawa ninyo'y natupad ang malaon nang ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta na ang Kristo'y kailangang magbata. Kaya't magsisi kayo at magbalik-loob sa Diyos upang pawiin niya ang inyong mga kasalanan."


— Ang Salita ng Diyos.

**B** — Salamat sa Diyos.

### Salmong Tugunan (Slm 4)

**T** — Poon, sa 'mi'y pasikatin ang liwanag sa iyong piling.

R. Jacob



1. Sagutin mo ako sa aking pagtawag,/ Panginoong Diyos na aking kalasag;/ ikaw na humango sa dusa ko't hirap,/ ngayo'y pakinggan mo, sa aki'y mahabag. (T)

2. Dapat mapagkuro ninyo at malaman/ na mahal ng Poon kanyang hirang,/ dinirinig niya sa pananawagan. (T)

3. O Diyos, ang ligayang bigay mo sa akin,/ higit na di hamak sa galak na angkin,/ nilang may maraming imbak na pagkain/ at iniingatang alak na inumin. (T)

3. Sa aking paghimlay, ako'y mapayapa,/ pagkat ikaw, Poon, ang nangangalaga. (T)

### Ikalawang Pagbasa (1 Jn 2:1-5a)

*Inialay ni Kristo ang kanyang*

*sarili alang-alang sa ating mga kasalanan kaya't handa ang Diyos Ama na magpatawad sa atin.*

## **Pagbasa sa unang sulat ni Apostol San Juan**

MGA ANAK, isinusulat ko ito sa inyo para hindi kayo magkasala. Ngunit kung magkasala ang sinuman, may Tagapamagitan tayo sa Ama. At iya'y si Hesus-kristo, ang walang sala. Sapagkat si Kristo ang handog sa ikapag-papatawad ng mga kasalanan natin, at kasalanan din ng lahat ng tao.

Nakatitiyak tayong nakikilala natin ang Diyos kung sinusunod natin ang kanyang mga utos. Ang nagsasabing, "Nakikilala ko siya," ngunit sumusuway naman sa kanyang mga utos ay sinungaling, at wala sa kanya ang katotohanan. Ngunit ang tumutupad sa salita ng Diyos ay umiibig sa kanya nang wagas. Ganito natin nalalamang tayo'y nasa kanya.

— Ang Salita ng Diyos.

**B — Salamat sa Diyos.**

**Aleluya (Lc 24:32)**

**B — Aleluya! Aleluya! Poong Hesus, aming hiling Kasulata'y liwanagin kami ngayo'y pag-alabin. Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita (Lc 24:35-48)**

**P —** Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

**B — Papuri sa iyo, Panginoon.**

NOONG panahong iyon: Samantalang pinag-uusapan ng mga alagad kung paanong nakilala si Hesus sa paghahati-hati ng tinapay, si Hesus ay tumayo sa gitna nila. "Sumainyo ang kapayapaan!" sabi niya sa kanila. Ngunit nagulat sila at natakot sapagkat akala nila'y multo ang nasa harapan nila. Kaya't sinabi ni Hesus sa kanila, "Ano't kayo'y nagugulumihan? Bakit nag-aalinlangan pa kayo? Tingnan ninyo ang aking kamay at paa, ako nga ito. Hipuin ninyo ako at pagmasdan. Ang multo'y walang laman at buto, ngunit ako'y mayroon, tulad ng nakikita ninyo." At pagkasabi nito, ipinakita niya sa kanila ang kanyang mga kamay at mga paa. Nang hindi pa rin sila makapaniwala dahil sa malaking

galak at pagkamangha, tinanong sila ni Hesus, "May makakain ba riyang?" Siya'y binigyan nila ng kaputol na isdang inihaw; kinuha niya ito at kinain sa harapan nila.

Pagkatapos sinabi sa mga alagad, "Ito ang tinutukoy ko nang sabihin ko sa inyo noong kasama-sama pa ninyo ako: dapat matupad ang lahat ng nasusulat tungkol sa akin sa Kautusan ni Moises, sa mga aklat ng mga propeta at sa aklat ng mga Awit." At binuksan niya ang kanilang mga pag-iisip upang maunawaan nila ang mga Kasulatan. Sinabi niya sa kanila, "Ganito ang nasusulat: kinakailangang magbata ng hirap at mamatay ang Mesiyas at muling mabuhay sa ikatlong araw. Sa kanyang pangalan, ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan ay dapat ipangaral sa lahat ng bansa, magmula sa Jerusalem. Kayo ang mga saksi sa mga bagay na ito."

— Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

**B — Pinupuri ka namin, Panginoong Hesuskristo.**

**Homiliya (Umupo)**

**Pagpapahayag ng Pananampalataya (Tumayo)**

**B — Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa. Sumasampalataya ako kay Hesuskristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao. Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

## **Panalangin ng Bayan**

**P —** Dumulog tayo sa ating Amang gagawin ang lahat para sa kapakanan ng kanyang mga anak:

**T — Ama namin, dinggin mo kami.**

**L —** Ama, alalayan mo ang Simbahan at ang mga namamahala sa aming pamayanan upang huwag silang mapagod sa pagsisilbi sa mga dukha, mga inuusig, at mga isinasantabi sa aming pamayanan. Manalangin tayo: **(T)**

**L —** Ama, gabayan mo ang mga nahaharap sa mga krisis sa buhay at mga nabibigatan dulot ng pagdududa at pagkatakot. Manalangin tayo: **(T)**

**L —** Ama, makita ka nawa namin sa Banal na Kasulatan at sambahin ka sa Eukaristiya, sapagkat ikaw ay napapasaamin upang pagningasin ang aming mga puso. Manalangin tayo: **(T)**

**L —** Ama, patuluyin mo sa iyong kaharian ang mga yumao naming kapatid. Manalangin tayo: **(T)**

**L —** Sa ilang sandali ng katahimikan, amin ding dalangin ang iba pang mga pangangailangan ng aming pamayanan pati na rin ang aming pansariling kahilingan (*Tumahimik*). Manalangin tayo: **(T)**

**P —** Ama, sa pamamagitan ng aming mga kahilingan maging matatag nawa kami sa aming paglalakbay tungo sa iyo. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

**B - Amen.**



**Paghahain ng Alay (Tumayo)**

**P —** Manalangin kayo...

**B —** Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

**Panalangin ukol sa mga Alay**

**P —** Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang mga alay ng iyong sambayanang natutuwaga. Ang pagkabuhay ng iyong Anak na niloob mong aming ikatuwa ngayon ay papagbungahin mo ng galak na mananatili sa amin habang panahon sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B - Amen.**



## Prepasyo (Pagkabuhay III)

**P** — Sumainyo ang Panginoon.

**B** — At sumaiyo rin.

**P** — Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

**B** - Itinaas na namin sa Panginoon.

**P** — Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

**B** — Marapat na siya ay pasalamanan.

**P** — Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatang ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Naghahaing walang humpay ang Anak mong minamahal upang magkasalu-salo ang tanan sa piging ng iyong buhay. Hindi na mamamatay ang inihain sa krus. Ang sa krus ipinako'y buhay lagi bilang handog.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B** - Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa kaitaasan! (Lumuhod)

**Pagbubunyi (Tumayo)**

**B** — Aming ipinahahayag na namatay ang iyong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas upang mahayag sa lahat.

### PAKIKINABANG

**Ama Namin**

**B** — Ama namin...

**P** — Hinihiling naming...

**B** — Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

**Pagbati ng Kapayapaan**

**Paanyaya sa Pakikinabang (Lumuhod)**

**P** — Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. **B** — Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

**Antipona sa Komunyon (Lc 24:46-47)**

**Kailangang pagtiisan ni Kristo**



## SAMBUHAY MISSION APPEAL

*Be a mission partner for Sambuhay!*



Sambuhay Missalette and Sambuhay TV now offer you a chance to reach its nearly a million readers and viewers. We share our "sacred space" for

- Vocation promotions
- Invitations from Catholic communities and other groups
- Announcements for special programs and activities
- Local and international pilgrimages
- Other church and faith-based matters

MEDIUM	DURATION	AD RATE
Sambuhay Sunday Missalette (English or Filipino)	1 SUNDAY	P 4,000
Sambuhay Sunday Missalette (Hiligaynon)	1 SUNDAY	P 1,500
Sambuhay First Friday	1 FRIDAY	P 2,000
Sambuhay Sunday Missalette (English or Filipino)	8 SUNDAYS (2 months)	P 25,000
Sambuhay TV	1 EPISODE	P 5,000

#### Contact details

88959701 to 04 loc. 607  
88953416

sambuhay.missalette@gmail.com  
marketing@stpauls.ph

Facebook.com/sambuhaymissalettePH  
Facebook.com/sambuhay.missalette

**ang kahirapan saka dapat na mabuhay nang patawad ay makamantan. Aleluya, s'ya'y awitan.**

**Panalangin Pagkapakinabang (Tumayo)**

**P** - Manalangin tayo. (Tumahimik)

Ama naming mapagmahal, tunguhan mo at lingapin ang iyong sambayanan na minarapat mong makinabang sa piging na pangmagpakailanman. Ipagkaloob mong kami'y maluwalhating makarating sa pagkabuhay na magtatampok sa amin sa iyong piling sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B** - Amen.

### PAGTATAPOS

**P** - Sumainyo ang Panginoon.

**B** - At sumaiyo rin.

**Pagbabasbas**

**P** - Magsiyuko kayo at hingin ang pagpapala ng Diyos. (Tumahimik)

Ang Diyos na tumubos at kumupkop sa inyo pakundangan sa Pagkabuhay ni Hesukristo ay siya nawang magpala sa inyo ng kaligayahang magpasawalang hanggan.

**B** - Amen.

**P** - Kayong pinagkalooban ng Manunubos ng walang maliw na kalayaan ay pagkamtin nawa

niya ng kanyang pamanang buhay na walang hanggan.

**B** - Amen.

**P** - Dahil kayo ay kaisa niyang bumangon mula sa kamatayan pakundangan sa pananampalataya at binyag, kayo nawa'y makatambal ng mga nasa kalangitan pakundangan sa inyong mabuting pamumuhay ngayon at magpasawalang hanggan.

**B** - Amen.

**P** - Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

**B** - Amen.

**Pangwakas**

**P** - Tapos na ang Banal na Misa. Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahalina at paglingkuran.

**B** - Salamat sa Diyos.

SOCIETY OF ST PAUL

*Live Jesus. Give Jesus!*

If you are Grade 12 student, a college student, or a young professional—male, single, and aspiring to become a priest or a brother involved in the apostolate of social communication—we invite you to journey or search with us.

**Contact us:**  
**THE VOCATION DIRECTOR**

(02) 8895-9701 loc 109;  
09158420546; 09288766182;  
vocation@ssp.ph